

Marso 24, 2026

Mahalagang paunawa mula sa Department of Developmental Services tungkol sa:

PROGRAMA NG SARILING PAGPAPASYA: INI-UPDATE ANG ORYENTASYON

D-2026-Programa ng Sariling Pagpapasya-002

Ano ang Dapat Malaman

Ipinaliliwanag sa direktibang ito ang mga pagbabago sa mga materyales para sa oryentasyon ng Programa ng Sariling Pagpapasya (Self-Determination Program, SDP) at kung sino ang magbibigay ng oryentasyon.

Ano ang Magbabago

Hindi binabago ng direktibang ito kung paano tinatanggap ng mga indibidwal at pamilya ang kanilang mga serbisyo. Ini-update ang oryentasyon para sa SDP upang bigyan ang mga tao ng mas higit pang impormasyon bago sila sumali sa SDP.

- Ang oryentasyon ay may dalawang bahagi.
- Ang bawat bahagi ay dalawang oras ang haba at isinasagawa online.
- Ang State Council on Developmental Disabilities (SCDD) lamang ang natatanging organisasyon na magbibigay ng oryentasyon sa kasalukuyan.
- Ang oryentasyon ay magiging available sa maraming wika, kabilang ang ASL.
- Dapat kumpletuhin ng mga tao ang parehong bahagi at kumuha ng mga Sertipiko ng Pagkumpleto bago sila makapag-enroll sa SDP.

May mga Katanungan?

Ang mga indibidwal at pamilya na may mga katanungan tungkol sa oryentasyon para sa SDP ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang regional center. Kung may mga katanungan ang mga regional center tungkol sa direktibang ito, dapat silang mag-email sa Sangay ng Programa ng Sariling Pagpapasya ng Department sa SDP@dds.ca.gov.

Alamin Pa

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring bisitahin ang [Pahina sa Oryentasyon para sa SDP sa website ng SCDD](https://scdd.ca.gov/sdp-orientation/). (<https://scdd.ca.gov/sdp-orientation/>).

